

Bilang isang Pasyente ng PeaceHealth, mayroon kang mga sumusunod na karapatan:Dignidad, paggalang, at malasakit

- Mapangalagaan at matrato ng may dignidad at respeto.
- Sa makatuwirang pag-access sa pangangalaga, paggamot at/o mga matutuluyan na available o inererekomenda ng doktor anuman ang lahi ng isa, kulay, etnisidad, bansang pinagmulan (kasama ang limitadong kasanayan sa Ingles at pangunahing wika), paniniwala, kultura, relihiyon, kasarian, (kasama ang pagbubuntis), katangiang kaugnay ng kasarian, sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian, pisikal o mental na kapansanan, edad, estado bilang isang beteranong may kapansanan, pagkakaroon ng Paunang Tagubilin (Advance Directive) o kakayahang magbayad para sa pangangalaga (katayuan sa socioeconomic). Ipinagbabawal ang diskriminasyon batay sa alinman sa mga nabanggit.
- Na maipahayag ang mga pagpapahalaga at paniniwala mo, at isagawa ang mga espirituwal at kultural na paniniwala na hindi nakakaapekto sa pagbibigay ng pangangalaga sa pasyente at kapakanan ng iba.
- Na maalagaan ng may malasakit at may respeto sa iyong mga kultural at personal na pagpapahalaga at paniniwala.
- Na masabihan agad ang isang miyembro ng pamilya, kasama na ang rehistradong kasama sa tahanan, tagapagpasya, at sarili mong doktor (kung hihilingin) sa pagpasok mo sa pasilidad na pangkalusugan.
- Na masabihan ka tungkol sa mga pangangailangang pangkalusugan mo at mga alternatibo sa pangangalaga kung ang pasilidad pangkalusugan ay hindi kayang magbigay ng pangangalaga na hiniling mo. Kung inererekomenda ng doktor, puwede kang mailipat sa angkop at katanggap-tanggap na pasilidad.

Kalidad na Pangangalaga

- Ang mga pasyente, ang pamilya, kabilang ang isang rehistradong kasama sa tahanan at/o ang iyong (mga) legal na awtorisadong tagapagpasya ay may karapatan, sa pakikipagtulungan sa iyong doktor, na masabihan at gumawa ng mga desisyon kaugnay ng iyong pangangalagang pangkalusugan, kasama na ang paglutas sa mga problema sa pangangalaga, ang karapatan na tanggapin ang medikal na pangangalaga o tanggihan ang paggagamot sa lawak na pinahihintulutan ng batas at masabihan ng mga kahihinatnanan ng naturang pagtanggap.
- Na masabihan sa mga kakalabasan ng pangangalaga, paggamot at mga serbisyo, kasama na ang mga hindi inaasahang resulta.
- Sa epektibong paggamot ng pananakit. Susuriin at gagamutin ang pananakit ayon sa angkop na paraan ng paggamot.

Kaligtasan

- Sa ligtas na kapaligiran.
- Na maging malaya sa anumang uri ng pang-aabuso, kapabayaan, pagsasamantala o panggugulo.
- Na maging malaya mula sa anumang uri ng pagpipigil o pag-iisa, bilang paraan ng pamimilit, pagdidisiplina, at kaginhawahan o paghihiganti. Ang pagpipigil o pag-iisa ay puwede lang gawin para masigurado na ligtas ka, ng isang kawani o iba pa, at dapat itigil sa lalong madaling panahon.
- Para madagdan ang kaligtasan ng pasyente, puwede silang i-monitor sa mga kuwarto nila, lugar ng pangangalaga o sa mga karaniwang lugar.

Makabuluhang Pakikipag-ugnayan at Impormasyon

- Makakuha ng libreng interpreter kung hindi ka nagsasalita o nakakaintindi ng Ingles.
- Makakuha ng impormasyon na angkop sa mga problema sa paninigin, pagsasalita, pandinig o iba pang espesyal na pangangailangan.
- Na makuha ang sarili mong impormasyong pangkalusugan, humiling ng pagbabago dito, humiling o makatanggap ng ulat ng pagsisiwalat, alinsunod sa naaangkop na batas.
- Pagsasaalang-alang ng iyong privacy at pagiging kumpidensyal ng impormasyon mo (mga halimbawa: puwede kang humiling na maging available ang komunikasyon tungkol sa kalusugan mo sa ibang mga lugar; hilingin na huwag ibigay sa huling provider ang iyong PHI (Protected Health Information); humiling na itago ang ilan sa mga pagsisiwalat tungkol sa kalusugan mo; o humiling na itago ang iyong PHI tungkol sa sarili mo sa isang planong pangkalusugan kung nagpapalano kang magbayad ng buo bago ang serbisyo).
- Kung ikaw ay benepisyaryo ng Medicare, makakatanggap ka ng abiso tungkol sa hindi pagkakasaklaw at sa iyong karapatang umapela sa maagang pagpapauwi.

Personal na Pangangalaga

- Na malaman ang pangalan ng doktor at iba pang manggagamot na may pangunahing pananagutan sa iyong pangangalaga, at para malaman ang pagkakakilanlan at propesyonal na katayuan ng mga indibidwal na responsable sa pagpapahintulot at pagsasagawa ng mga pamamaraan at pangangalaga.
- Na magkaroon ng makatuwirang access sa mga tao sa labas ng pasilidad pangkalusugan sa pamamagitan ng mga bisita, at ng berbal at nakasulat na komunikasyon.
- Sang-ayon sa pahintulot mo, may karapatan kang tumanggap ng mga bisitang pinili mo, kasama pero hindi limitado sa asawa, kinakasama, ibang miyembro ng pamilya, o kaibigan, at may karapatan kang bawiin o tanggihan ang nasabing pahintulot anumang oras. Pinapayagan ang mga ganitong pagbisita hangga't hindi ito nakakasagabal sa mga serbisyo ng pasyente at sa pagpapanatili ng ligtas na kapaligiran. Ang anumang restriksyon sa komunikasyon ay ipinapaliwanag ng mabuti sa iyo at/o sa pamilya mo. Ang mga pagbisita ay hindi ipinagbabawal, nililimitahan o itinatanggi sa mga tao dahil lang sa kanilang lahi, kulay, paniniwala, relihiyon, kasarian, sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian, bansang pinagmulan, kapansanan o edad. Ang mga bisita ay may ganap at pantay na pribilehiyo sa pagdalaw alinsunod sa kagustuhan ng pasyente.
- Para makagawa ng paunang tagubilin tungkol sa mga desisyon sa pagtatapos ng buhay at paggagamot sa kalusugang pangkaisipan, at para sundin ng pasilidad pangkalusugan ang mga tagubiling ito sa abot ng pinapahintulutang patakaran ng pasilidad at ng batas ng estado at pederal.

- Na hindi makisali sa mga pagsasaliksik at masabihan sa mga alternatibong paraan ng pangangalaga.
- Na makisali sa mga usaping etikal at alalahanin na lumilitaw habang ikaw ay ginagamot. Ikaw at ang mga miyembro ng pamilya mo ay puwedeng humiling ng payo tungkol sa etika ukol sa mga isyu tulad ng hindi pagkakaunawaan, pag-ayaw sa serbisyong resuscitative, ituloy o hindi ang mga paggamot para humaba ang buhay, at sumali sa mga pagsasaliksik o mga klinikal na pag-aaral, at iba pang alalahaning etikal.
- Na makatanggap ng pangangalagang espirital.
- Humiling at tumanggap ng nakalista at detalyadong paliwanag ng bayarin para sa mga serbisyong naibigay.

Bilang pasyente ng PeaceHealth, ang mga pananagutan mo ay:

- Magbigay, ayon sa iyong kaalaman, ng tumpak at kumpletong impormasyon, at sabihin sa iyong tagapag-alaga ang anumang pagbabago sa iyong kondisyon. May pananagutan kang makisali sa mga usapin tungkol sa iyong plano ng pangangalaga at magtanong kung may mga bagay kang nais linawin.
- Na sabihin sa tagapangalagang grupo kung hindi mo lubos na naiintindihan ang mga planong gagawin at ang mga inaasahan sa iyo.
- Na sabihin sa iyong mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung may kinalaman ang iyong kultura sa proseso ng pangangalaga.
- Na sabihin sa tagapangalagang grupo kung may mga espesyal kang pangangailangan.
- Na simulan at sumunod sa mga inerekomendang plano ng paggamot. Bilang aktibong kalahok sa iyong pangangalagang pangkalusugan, ikaw at ang iyong mga tagapag-alaga ang may pananagutan na makipag-ugnayan sa mga tagapagbigay ng serbisyo kung may mga tanong ka o hindi malinaw ang plano ng paggamot, o kung bakit mahalaga ang mga susunod na hakbang para makamit positibong resulta sa kalusugan.
- Na ingatan ang iyong mga personal na gamit. Kabilang, pero hindi limitado sa mga pustiso, salamin sa mata, saklay, wheelchair at mga personal na gamit gaya ng alahas. Hindi mananagot ang pasilidad pangkalusugan kung masira o mawala ang mga gamit na ito habang ikaw ay narito.
- Na maging responsable sa pagsunod sa mga patakaran at alituntunin na may kinalaman sa pangangalaga at asal ng pasyente:
 - Na huwag istorbohin ang ibang mga pasyente.
 - Na huwag guluhin o makialam sa mga pangangalaga na ibinigay sa ibang pasyente at ang mga operasyon ng pasilidad pangkalusugan.
 - Na hindi magsagawa ng anumang ilegal na gawain sa loob ng pasilidad pangkalusugan.
 - Na hindi manigarilyo, mag-vape o gumamit ng anumang produktong tabako sa loob ng pasilidad pangkalusugan.
 - Na hindi manakit sa mga kawani, faculty o mga tagapagbigay ng serbisyo sa salita o sa gawa.
- Na magbigay ng tumpak na impormasyon tungkol sa iyong sarili.
- Na magbigay ng pinakabagong impormasyong pinansyal at tuparin ang anumang obligasyong pinansyal ng pasilidad.
- Na maging makonsiderasyon sa mga karapatan ng ibang mga pasyente at mga tauhan sa pasilidad. Ang anumang pagbabanta, karahasan, pakikipag-usap ng walang galang, o panggugulo sa ibang mga pasyente o sa kahit sino sa mga kawani ng pasilidad, anuman ang dahilan, kasama na dahil sa kaniyang lahi, kulay, paniniwala, relihiyon, kasarian, sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian o pagpapahayag nito, etnisidad, bansang pinagmulan, kapansanan, edad o katayuan bilang beterano o kasapi ng militar, o iba pang aspeto ng pagiging kakaiba ay hindi papayagan. Ang pagbabawal na ito ay naaangkop sa iyo pati na rin sa iyong mga miyembro ng pamilya, kinatawan, at mga bisita. Bilang karagdagan, ang mga kahilingan sa pagpapalit sa tagapagbigay ng serbisyo o ibang tauhan batay sa kanilang lahi, etnisidad, relihiyon, sekswal na oryentasyon, o pagkakakilanlan ng kasarian ay hindi pahihintulutan. Ang mga kahilingan para sa pagpapalit ng tagapagbigay ng serbisyo o mga tauhan batay sa kanilang kasarian ay isasaalang-alang ayon sa bawat kaso at tanging tatanggapin kung may mga pambihirang kalagayan lamang.
- Na maging maingat sa mga ari-arian ng ibang tao at ng pasilidad.

May karapatan kang maghain ng mga reklamo tungkol sa iyong pangangalaga at makatanggap ng agarang tugon ayon sa itinakdang patakaran. Ang mga pasyente ay malayang magsabi ng reklamo at magrekomenda ng mga pagbabago nang hindi pinipilit, itinatangi, ginagantihan, o naaabala sa kanilang pangangalaga, paggamot, at mga serbisyo. Humiling para makausap ang nangangasiwang nars (charge nurse), tagapamahala ng departamento, o makipag-ugnayan sa isa sa mga miyembro ng grupo ng Pakikipag-ugnayan ng Pasyente ng PeaceHealth (PeaceHealth's Patient Relations) gamit ang numero ng telepono sa ibaba. Maaari ka ring maghain ng reklamo sa estado ng hindi natatakot sa anumang paghihiganti.

PeaceHealth Ketchikan Medical Center 3100 Tongass Avenue Ketchikan, AK 99901 907-225-5171 Grupo ng Pakikipag-ugnayan ng Pasyente 1-844-749-8817	Departamento sa Kalusugan at Serbisyong Panlipunan ng Alaska (Alaska Department of Health and Social Services) Health Facilities Licensing & Certification 4501 Business Park Blvd. Ste 24, Bldg. L Anchorage, AK 99503 Malinaw na minarkahan sa sobre na "Kompidensyal" Telepono: 907-334-2483 Email complaintcoordinator@alaska.gov
--	---

Puwede karing makipag-ugnayan sa:

Ahensiya ng Serbisyo para sa Medicare at Medicaid (Center for Medicare and Medicaid Services, CMS)
Tagapamagitan para sa mga Benepisyaryo ng Medicare
Online: www.medicare.gov/providers-services/claims-appeals-complaints/complaints
<https://www.cms.gov/center/special-topic/ombudsman/medicare-beneficiary-ombudsman-home>

Walang bayad na tawag: 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)
TTY: 1-877-486-2048